ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LV Blg. 14
Hulyo 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Yanigin ang paghahari ng pahirap, papet at pasistang rehimeng US-Marcos

Sa darating na mga buwan at taon, tungkulin ng kilusang pambansa-demokratiko na ubos-kayang isulong ang kilusang propaganda at pag-oorganisa sa masa. Dapat gamitin ang buong lakas upang abutin ang milyun-milyong mamamayan sa mga pagawaan, komunidad, kampus, tanggapan at iba pa. Dapat ibayong isulong ang kanilang mga pakikibaka pangunahin laban sa pagtaas ng presyo, para sa dagdag na sahod at sweldo, trabaho at kabuhayan, at laban sa papatinding panghihimasok militar ng US at paghahanda at pang-uupat nito ng gera.

Samantalahin ang napakainam na sitwasyon upang pag-ibayuhin ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa lahat ng demokratikong sektor ng sambayanang Pilipino, laluna ang mga manggagawa, magsasaka at malawak na masang anakpawis.

Tipunin ang nag-uumapaw na poot ng sambayanang Pilipino sa pahirap, pasista at papet na rehimeng US-Marcos na nagdala sa kanila sa higit na pang-aapi, kahirapan at pagdurusa. Sa nagdaang dalawang taon sa ilalim ni Marcos, sumadsad ang ekonomya at kabuhayan ng mamamayan, umigting ang terorismo ng estado at panunupil sa mga demokratikong karapatan, lumubha ang korapsyon at pagkagahaman, at lalong lumala ang pagpayag ng papet na rehimen sa panghihimasok ng imperyalismong US sa pulitika at militar.

Sanhi ng anti-mamamayan, anti-mahirap at maka-dayuhang mga patakaran ni Ferdinand Marcos Jr, lalo pang sumadsad ang iniwan noon ni Duterte na lugmok na ekonomya at kabuhayan ng mayorya ng mamamayan. Sapul maghari si Marcos, walang awat ang pagtaas ng presyo ng bigas at iba pang pangunahing bilihin at serbisyo. Sa pakay na akitin ang dayuhang pamumuhunan, pinako ni Marcos ang minimum na sahod ng mga manggagawa at sweldo ng mga karaniwang kawani, na ngayon ay kalahati na lamang ng halaga ng arawang pangangailangan nila at ng kanilang mga pamilya.



Bigo si Marcos na lutasin ang masidhing problema ng kawalang trabaho, laluna ng mga kabataan. Malala pa, binigyang daan ni Marcos ang malalaking dayuhang kapitalista at mga kasabwat na malalaking burgesya na agawin ang lupa, pangisdaan, kabahayan at kabuhayan ng masang anakpawis at maging ng petiburgesya sa kanayunan at kalunsuran. Puo-puong milyong Pilipino ang walang hanapbuhay, disenteng trabaho o sapat na kita. Lalong sinagad ni Marcos ang liberalisasyon sa importasyon na lalong pumapatay sa lokal na produksyon at pumipilay at bumabangkarote sa ekonomya. Lalong bumigat ang pasang-utang ng mga Pilipino dahil sa walang kasimbilis na pangungutang ni Marcos. Huwad at hungkag ang ipinagmamalaki ni Marcos na "paglago" na pantabing lamang sa tuluy-tuloy na paglubha ng kalagayan ng malawak na masa ng sambayanan.

Inalpasan ni Marcos ang mga asong-ulol niyang pasistang ahente ng militar at pulis para walang awat na gahisin ang mamamayang gutom at galit. Sa daan-daang ba-

rangay sa kanayunan, naghahari-harian ang militar sa tabing ng operasyong "community service" at "barangay development." Sa kalunsuran, minamanmanan ang mga unyon sa mga pagawaan at tanggapan, mga samahan sa maralitang komunidad, mga organisasyong pangkampus, mga asosasyon ng kababaihan, taong-simbahan, tagapagtanggol ng karapatang-tao, kalikasan at iba pa. Sinisindak ang taumbayan na "sumurender" o "magbalik-loob" sa tangkang sila'y patahimikin, basagin ang kanilang pagkakaisa, at supilin ang kanilang paglaban.

Gamit ni Marcos ang kambal na batas na Anti-Terror Law at Anti-Terrorism Financing Law, para isagawa ang kaliwa't kanang pag-aaresto, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, at pagkukulong. Laluna sa kanayunan, walang-lubay ang mga kaso ng pag-abuso sa karapatang-tao, mga pagpatay at pagmasaker sa mga sibilyan, at iba pang mga paglabag sa internasyunal na makataong batas. Walang-habas rin ang teroristang pambobomba mula sa ere, pag-iistraping at panganganyon para itarak ang takot sa dibdib ng taumbayan.

Sa ilalim ni Marcos, lalong nalalantad ang sagad-sa-butong kabulukan ng naghaharing sistema. Mula nang muling maupo sa Malacañang, sunud-sunod na ipinabasura ni Marcos ang mga kaso laban sa kanilang pamilya kaugnay ng daan-daang bilyong pisong yaman na kinamkam sa panahon ng amang diktador. Tanda ng krisis ng naghaharing sistema, walang kabusugan ang pagkagahaman ni Marcos sa burukratikong pakinabang at pribilehiyo. Ang daan-daang bilyong pisong Maharlika Investment Fund ay hawak ni Marcos para paburan ang kanyang mga kroni at paboritong upisyal.

Kontrolado ngayon ni Marcos ang ismagling ng bigas, asukal at iba pang mga kontrabandong pang-agrikultura. Hinablot ni Marcos sa kamay ng mga Duterte ang ilang malalaking kontrata sa gubyerno tulad ng proyektong riles sa Mindanao, at iba pang malalaking proyektong pang-imprastruktura. Isa ito sa mga sanhi ng tuluyang pagkabiyak ng kanilang pakitang-taong "pagkakaisa" at ng tumitinding girian ng mga nagriribalang pangkatin ng naghaharing uri.

Kung noo'y lumuhod si Duterte sa China at nagpakubabaw sa US, ganap naman ngayong isinuko ni Marcos ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas sa imperyalismong US. Kapalit ng ayudang militar, suportang pampulitika at mga pangakong pamumuhunan, ipinagtayo ni Marcos ang US ng karagdagang mga base militar at pasilidad sa iba't ibang panig ng bansa upang ipwesto ang mga dayuhang tropa at armas. Ipinagagamit ni Marcos sa US ang Pilipinas bilang lunsaran ng mga operasyong militar alinsunod sa estratehiyang heyopulitikal nito laban sa imperyalistang karibal na China. Walang araw na lumipas na hindi ginagamit ng US ang lupa at karagatan ng Pilipinas para sa mga pagsasanay at paghahanda sa gera. Sa tabing ng pagtatanggol sa West Philippine Sea, ipinagagamit ni Marcos sa US ang AFP at Philippine Coast Guard para maglunsad ng mga operasyong pang-udyok sa China at bigyang-matwid ang posibleng paggamit ng Mutual Defense Treaty sa panahong naisin ng US.

Pusikit ang hinaharap ng buong bansa at tiyak na lalong sasahol ang sitwasyon ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng rehimeng US-Marcos at bulok na estado ng mga naghaharing uri. Kailangang-kailangang tumindig at sama-samang kumilos ng buong bayan para ipaglaban ang kanilang pambansa at demokratikong interes. Si Marcos ngayon ang numero unong pabigat sa balikat ng masa ng sambayanan, numero unong terorista, numero uno sa korapsyon, numero unong tuta ng imperyalismong US at numero unong traydor sa kalayaan at kaligtasan ng bansa. Ang rehimeng US-Marcos ang numero unong sinisingil, binabatikos at nilalabanan ng sambayanang Pilipino.

Tuluy-tuloy na suungin ang lahat ng larangan ng paglaban. Mula sa pag-aaklas sa mga pagawaan, rali sa mga paaralan, tanggapan, komunidad at mga lansangan, paghamon sa reaksyunaryong halalan, hanggang sa armadong pakikibaka sa kanayunan, dapat ipamalas ng malawak na masa ang kanilang galit at pagkamuhi kay Marcos, at itakwil at yanigin ang kanyang paghahari. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 14 | Hulyo 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

# Nilalaman

**Editoryal:** Yanigin ang paghahari ng pahirap, papet at pasistang rehimeng US-Marcos 1
Makabayan, magpapatakbo ng 12 senador 3
GRP-NDFP *peace talk*, itinutulak ng bagong grupo 3
Mga protesta 3
Ang muling pagbabalik sa Bagtuan 4
RAA: higit na magpapahamak sa Pilipinas 5
Saywar ng US hinggil sa West Philippine Sea 6
Magkapatid, pinatay ng militar at pulis 7
Asembliya ng ILPS, idinaos sa Malaysia 7
Sa madaling salita 8
74th IB: Berdugo ng Sityo Canonghan 9
Iskemang BRT sa Iloilo 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Koalisyong Makabayan, magpapatakbo ng 12 senador

Tinawag na "Oposisyon ng Bayan," inanunsyo noong Hulyo 10 ng Koalisyong Makabayan ang plano nitong magpatakbo ng 12 kandidato pagkasenador sa halalang 2025. Buo ang pasya ng koalisyon na tumayo bilang tunay na oposisyon sa eleksyong dinodomihan ng mga paksyon ng naghaharing uri. Kakatawanin nito ang interes ng ordinaryong mamamayan sa Senado.

Idineklara ng koalisyon na itataguyod ng mga makabayan at progresibong kandidato nito ang komprehensibong programang pambansa-demokratiko na tutugon sa "hangarin ng sambayanang Pilipino para sa pag-unlad para sa nakararami, respeto sa karapatan, at ganap na pambansang soberanya."

Una nang inanunsyo ni Rep. France Castro noong Hunyo 26 ang pagtakbo niya sa Senado sa ilalim ng koalisyon, dala ang panawagang "Titser naman sa Senado."

Dalawang linggo lamang pagkatapos nito, agad siyang inatake ng estado. Pinatawan ng di makatarungang hatol na nagkasala sa kasong *child abuse*, kasama si Satur Ocampo at 11 pa sa tinaguriang Talaingod 18. Nagmula ang kaso sa pagsaklolo nila sa mga guro at 14 estudyante, sa kahilingan ng mga ito, sa Sityo Dulyan, Barangay Palma Gil, Talaingod Davao del Norte noong 2018. Noong Disyembre 2018, ibinasura na ng korte ang kasong *kidnapping* laban sa kanila. Sunud-sunod na mga pagkilos ang inilunsad ng mga pambansa-demokratikong grupo para kundenahin ang hatol ng korte. Pangako ng Talaingod 18 na lalabanan nila ang hatol sa lahat ng larangan.

Hindi nagpatinag ang Makabayan sa atake. Noong Hulyo 16, idineklara nito si Gabriela Women's Party Rep. Arlene Brosas bilang pangalawang kandidato. Pinili si Brosas ng Komite ng 100 Kababaihan mula sa iba't ibang sektor. Sina Castro at Brosas ay kasalukuyang House Minority Floor Leader at Assistant House Minority Floor Leader sa Kongreso. AB

## Usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP-NDFP, itinulak ng bagong buong grupo

NAGTIPON NOONG HULYO 16 ang ilang kilalang indibidwal at lider sa Santo Domingo Church Compound, Quezon City para sa isang talakayan at upang maghatid ng malakas na mensahe sa rehimeng Marcos kaugnay ng usapang pangkapayapaan. Sa araw na iyon, binuo nila ang Council of Leaders for Peace Initiatives (CLPI) para itulak ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Ang CLPI ay binubuo ng mga akademiko, abugado, mga dating dekano, mga obispo at lider ng iba't ibang simbahan, at mga kilalang tagapagtaguyod ng kapayapaan. Nanawagan ang grupo kay Marcos Jr na magpahayag ng "malinaw at tiyak na kagustuhang isulong ang mapayapa at napagkasunduang solusyon sa matagal nang umiiral na armadong tunggalian" sa Pilipinas. Anito, ang makatarungang kapayapaan ay kinakailangan para sa mas maunlad na estado ng bansa.

Idiniin ng grupo ang kawalan ng kasunod na mga hakbang at aksyon matapos ang inilabas na Oslo Joint Statement ng GRP at NDFP noong Nobyembre 23, 2023. Deklarasyon ito ng balak o paghahangad na muling buksan ang usapan at buuin ang balangkas kung papaano ito isasagawa.

**3,000 magtutubo, nagrali sa Batangas.** Sa pangunguna ng SUGAR-Batangas, nagtipon ang 3,000 magtutubo sa harap ng upisina ng DSWD sa Batangas City noong Hulyo 10 para igiit ang pamamahagi ng ayuda na nakalaan para sa kanila. Resulta ng pagkilos, tinanggap ng DSWD ang papeles ng ikalimang bats ng mga benepisyaryo na una nitong tinanggihan. Hinimok ng mga magbubukid ang agad na paglalabas ng ayuda.

**Protesta para sa Palestine.** Higit 300 kabataan at estudyante mula sa Baguio City ang lumahok sa pagkilos para sa Palestine noong Hulyo 7 sa Malcolm Square sa syudad. Nagpiket naman sa harap ng FEU ang Tamaraws for Palestine noong Hulyo 15 para ipahayag ang kanilang suporta sa mamamayang Palestino. Binatikos nila ang nagpapatuloy na kampanyang henosidyo ng Zionistang estado ng Israel, na suportado ng imperyalismong US, laban sa mga Palestino sa Gaza Strip.

**Protesta laban sa RAA.** Nagtungo sa embahada ng Japan sa Pasay City noong Hulyo 8 ang Bayan at Asia-Wide Campaign against US-Japanese Domination and Aggression of Asia para kundenahin ang pagpirma ng Japan at Pilipinas sa kasunduang militar na Reciprocal Access Agreement (RAA). Ayon sa Bayan, ang kasunduan ay isang mapanganib na hakbang at magbubunga ng pinatinding militarisasyon at tunggalian sa Asia-Pacific.

**Pagtitipon at protesta laban sa NATO, isinagawa sa US.** Nagtipon noong Hulyo 7 sa Washington DC sa US ang 60 grupong anti-imperyalista sa ilalim ng Resist NATO (North Atlantic Treaty Organization) para ipanawagan na itigil na ang mga gera ng US sa Ukraine at iba pang bahagi ng mundo, gayundin ang henosidyo nito sa Palestine. Nagmartsa sila patungo sa White House. Bago nito, inilunsad ng mga grupo ang Resist NATO Summit na dinaluhan ng 300 indibidwal. Itinaon nila ang mga ito bago ang pagpupulong ng mga bansang NATO sa Washington noong Hulyo 7-9 sa okasyon ng ika-75 anibersaryo nito.

Koresponsal

# Ang muling pagbabalik sa Bagtuan

Sa diwa ng kilusang pagwawasto na inilulunsad ng Partido Komunista ng Pilipinas sa buong bansa, ubos-kayang isinusulong ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa mga prubinsya ng Southern Tagalog ang iba't ibang aspeto ng mga gawain. Buong-pagpupursige na isinasagawa ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang muling pagbabalik sa mga lugar na matagal nang naiwanan upang muling makonsolida ang baseng masa at higit pang patatagin ang mga ito sa gitna ng pinatinding atake ng kaaway.

Isa ang Bagtuan sa mga lugar na ito. Mayaman sa rebolusyonaryong kasaysayan ang baryo kaya isa ito sa naging pokus na barangay ng National Task Force (NTF)-Elcac. Biktima ang mamamayan sa lugar ng maramihang sapilitang pagpapasuko, pisikal at mental na tortyur, pagbabanta, harasment at intimidasyon. Halos walang puknat din sa nagdaang limang taon ang *focused military operations* (FMO) at Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) ng berdugong militar at pulis upang wasakin ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng masa dito.

Nakaambang ipasok sa Bagtuan ang ilang huwad at mapaminsalang mga proyektong pangkaunlaran kabilang ang pagmimina sa kabundukan. Sisirain nito ang mga kaingin, *talukan* (palayan) at mga pook-panirahan ng masa na napasakamay nila bunsod ng matagumpay na rebolusyong agraryo na isinulong ng masa sa lugar, katuwang ang BHB.


Gayunpaman, hindi natinag ang masa sa Bagtuan sa mga pang-aatake at pangwawasak ng mga berdugo. Buong-galak nilang sinalubong ang muling pagbabalik ng yunit ng BHB sa lugar kahit na may RCSPO na nakaistasyon sa isa sa mga komunidad na saklaw nito.

Agad na isinagawa ng yunit ng BHB ang pagpupulong sa mga susing masa sa lugar para muling isasaayos ang mga rebolusyonaryong gawain. Sa pamamagitan ng pagsisikap ng masa at ng yunit, nailunsad ang serye ng mga pag-aaral ng Saligang Batas ng Partido, Programa sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon, at pahayag ng KTKS sa ika-55 anibersaryo ng Partido. Marami sa mga dating pwersa ng sangay ng Partido sa lokalidad (SPL) ang muling sumumpa sa Partido para muling pagtibayin ang kanilang komitment.

"Hindi kayang baguhin ng kaaway ang paninindigan namin sa Partido at BHB kahit pa ilang ulit silang mag-operasyon sa lugar para takutin kami," pahayag ni Tatay Ipe, kalihim ng SPL.

Gayundin, maraming bagong kasapi ang napasumpa, patunay na hindi napuputol ang rebolusyonaryong salinlahi na nagmula pa sa mga kauna-unahang kasapi ng Partido na gumuhit at nagsimula ng rebolusyonaryong tradisyon at kasaysayan sa baryo.

"Bilang mga benepisyaryo ng rebolusyong agraryo, mulat kami sa tungkulin naming tuluy-tuloy na kumilos sa Partido tulad ng aming mga matatanda. Kapag hindi namin ito ginawa, aagawin lamang ng gubyerno ni Marcos ang aming mga lupain," ayon kay Jonas, isang kabataan na bagong kasapi ng Partido.




Dahil higit na naunawaan ng masa ang mahigpit na pangangailangan na muling isaayos ang organisasyon ng Partido na siyang mamumuno sa kanilang kilusang masa, sunod na isinagawa ang serye ng muling pagbubuo at pagpupulong ng mga sangay ng Partido sa mga baryong saklaw ng Bagtuan. Sa pamamagitan nito, binuo ang mga plano sa sama-samang pagdedepensa at pagkilos ng masa sa lugar upang biguin ang mga atake ng kaaway at labanan ang anumang huwad at mapaminsalang proyektong pangkaunlaran na balak ipasok sa Bagtuan ng NTF-Elcac at ng reaksyunaryong gubyerno. Binuo rin ang plano sa suyuan at pagtutulungan sa pagtatanim na mahalaga sa panahong ito na kasagsagan ng pagtatanim sa mga kaingin at tubigan.

Ani Tatay Ipe, “Nasa kamay natin ang ating kinabukasan. Maipagtatanggol lamang natin ang ating buhay at kabuhayan kapag malakas ang Partido at nagkakaisa tayong lahat."

Patunay ang karanasan ng Bagtuan na hindi totoo ang ipinangangalandakan ng rehimeng US-Marcos at ng mga pasistang utusan nitong militar at pulis na tiyak nang mauubos ngayong taon ang mga rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa. Buhay na halimbawa ito na anumang lupit ng atake ang isagawa ng kaaway, hindi nito magagawang durugin ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng masa at Bagong Hukbong Bayan at ng proletaryong Partidong namumuno sa rebolusyon. AB

# RAA: Kasunduang militar sa Japan, higit na magpapahamak sa mga Pilipino

Pinirmahan noong Hulyo 8 ang kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at Japan na Reciprocal Access Agreement (RAA). Sa kauna-unahang pagkakataon mula matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, papayagan nito ang pagpasok at pananatili ng mga tropa ng imperyalistang Japan sa bansa. Pahihintulutan nito ang walang sagkang paglabas-masok ng mga tropang Japanese sa tabing ng pinagsanib na mga pagsasanay at kooperasyon. Malaki ang pagkakatulad nito sa umiiral nang Visiting Forces Agreement sa pagitan ng US at Pilipinas.



Nakapaloob ang RAA sa Indo-Pacific Strategy ng US na may pangunahing layuning pigilan ang paglawak ng lakas at impluwensya ng China, ang komun na karibal ng Japan at US sa Asia. Nilagdaan ito sa konteksto ng pinaigting na mga operasyong militar ng Japan sa ibang bansa sa balangkas ng Quad (Quadrilateral Security Dialogue) na pinamumunuan ng US, at ng lumalaking papel nito sa mga pagsasanay at paghahanda sa digmaan.

Sa pag-uudyok ng US sa nakalipas na mga taon, pinalakas at pinalawak ng Japan ang tinatawag nitong *self-defense force* bilang isang pwersang pandigma, bagay na tahasang ipinagbabawal sa sarili nitong konstitusyon. Itinutulak ng US ang Japan na taasan ang badyet nito sa militar tungong 2% (mula sa 1%) ng *gross domestic product* nito upang "makibahagi sa gastos" ng "paghadlang sa agresyon ng China."

Habang nagsilbi ang Japan bilang sekundaryong katuwang na imperyalistang kapangyarihan ng US, may kalkuladong risgo ding mapalakas nito ang mga monopolyong kapitalistang Japanese na naghahangad ng ekspansyunismo. Noong 2023, binanglakas ng Japan ang sariling planong Free and Open Indo-Pacific para bigyan-hugis ang pagpapalakas ng sariling presensyang militar at pagpapalawak ng impluwensya sa Asia bilang imperyalistang bansa.

Balak ng Japan na itambak ang $75 bilyong sarplas na kapital nito sa anyo ng pamumuhunan sa iba't ibang proyektong imprastruktura sa mga bansa sa South at Southeast Asia. Higit sa US at China, ang Japan ang pinakamalaking imperyalistang mamumuhunan sa rehiyon. Umaabot sa $367 bilyon ang kasalukuyang pamumuhunan nito sa mga proyekto sa Southeast Asia pa lamang, pangunahin sa Singapore, Vietnam at Pilipinas.

**Malalim na impluwensya at kontrol sa Pilipinas**


Panahon ng rehimeng Aquino II, nagkaroon na ng mga usapan sa pagitan ng Pilipinas at Japan para pahintulutan ang pagdaong at pagtigil ng mga pwersang Japanese sa bansa. Gayunpaman, noon lamang 2023 pormal na sinimulan ang negosasyon sa pagbubuo ng RAA. Binasbasan ito ng US sa ginanap na Trilateral Summit sa pagitan ng US, Japan at Pilipinas noong Abril, kung saan ipinirmi ang pagsasagawa ng mga pinagsanib na pagsasanay ng tatlong bansa sa South China Sea. Ilang araw bago ang naturang pulong, isinagawa ng tatlong bansa ang kauna-unahang sabayang paglalayag ng mga barkong pandigma sa West Philippine Sea.

Sa pamamagitan ng RAA, pinahihintulutan ni Marcos ang Japan na palakasin ang interbensyon nito sa Pilipinas kapalit ng pagbibigay ng mga pinaglumaang kagamitang militar tulad ng mga sistemang radar pangsarbeylans, gayundin ang mga pangako ng pamumuhunan at pautang, na nangangahulugan lamang ng pagiging lalong palaasa ng bansa sa dayuhang kapital.

Binuksan din ng RAA ang hindi pa naghihilom na sugat na iniwan ng brutal na okupasyon ng Japan sa Pilipinas mula 1942 hanggang 1945. Dokumentado ang karumal-dumal na mga krimen sa gera na isinagawa ng mga tropang Japanese. Pinakamatingkad sa mga ito ang sistema ng pang-aaliping sekswal kung saan libu-libong kababaihan, bata at baklang Pilipino ang dinukot mula sa kanilang mga komunidad at ikinulong sa mga kampo militar para paulit-ulit na gahasain, itortyur, at pahiyain. Kinilala ang mga biktima bilang mga "comfort women," na hanggang ngayon ay pinagkakaitan ng hustisya, kapwa ng Japan at ng reaksyunaryong estadong Pilipino. Sa kabila ng tulak ng United Nations, hindi kailanman buong kinilala ng Japan ang mga Pilipinong *comfort women* at wala itong ibinigay na kumpensasyon ni isang sentimo sa kanila. AB

# Aktibong saywar ng imperyalistang US hinggil sa West Philippine Sea

Umalingawngaw ang sigaw ng protesta ng mga aktibistang Filipino-American habang nagsasalita ang utak-gerang kongresista ng US na si Rep. Darrell Issa sa kumperensya ng Center for Strategic and International Studies, sa Washington, DC noong Hulyo 11. Binatikos ng mga aktibista ang presensyang militar ng US sa Pilipinas, mga krimen nito sa mamamayang Pilipino at pang-uupat ng gera sa katunggali nitong imperyalistang China.



Si Issa ay kasapi ng US-Philippine Friendship Caucus at ng US House Foreign Affairs Committee. Itinutulak niya sa Kongreso ng US ang pagbibigy ng dagdag na $500 milyong ayudang militar para sa Pilipinas. Lantarang sinusulsulan niyang ang hidwaan sa pagitan ng Pilipinas at China sa West Philippine Sea (WPS), para itulak ang interes ng US.

Sa kanyang talumpati, pinuri ni Issa ang matagumpay na pagtutulak ng imperyalistang US sa Japan na magpadala ng tropang militar sa Pilipinas, para tunggaliin ang isang "komun na kaaway" na China.

Sa tabing ng ipokritong pagtatanggol sa “malayang karagatan at teritoryong pandagat ng Vietnam, Taiwan at Pilipinas,” binatikos ni Issa ang diumano'y "agresibong" aktibidad ng mga sasakyang pandagat ng China sa South China Sea. "Kung wala tayong gagawin, makakasaksi tayo ng paglamon, direkta o hindi direkta, sa mga bansang ito at mga teritoryong ito," pananakot pa niya.

Samantala sa isang sulat noong Hulyo 12, hiniling ng dalawang senador ng US kay President Joe Biden na magbigay ng "kumpletong listahan ng mga pangmilitar, ekonomiko at diplomatikong mga pagpipiliang hakbang na inihanda ng Pentagon at US State Department para suportahan ang Pilipinas sa pakikipaggitgitan nito sa China sa WPS."

**Kakoro sa Pilipinas**

Kakoro ni Issa at mga senador ng US ang maraming bayarang tautauhan ng imperyalistang US sa Pilipinas sa pang-uupat ng gera kontra China. Sa kumpas ng US, walang-tigil ang kanilang pag-iingay para painitin pang lalo ang tensyon sa WPS at udyukin ang "patriyotismo" ng mga Pilipino laban sa China.

Kabilang sa mga ito si dating upisyal ng US Air Force na si Col. Raymond M. Powell, na binibigyan ng mga kumpanya sa midya sa Pilipinas ng napakalaking oras sa telebisyon at mga panayam mula pa nakaraang taon. Nagpapakilala si Powell na isang "security analyst" at "eksperto sa usaping pandagat."

Si Powell ay isang operatiba sa saywar at ahente-probokador ng US na nagtutulak sa mga pwersang panseguridad ng Pilipinas na magsagawa ng mapang-udyok na mga operasyon sa WPS, at gamitin na ang Mutual Defense Treaty ng bansa sa US. Walang tigil siya sa paglalarawan sa China na sarado sa usapan para palabasing wala nang espasyo para sa diplomasya at dayalogo.

Kaduweto niya si Commodore Jay Tarriela, tagapagsalita ng Philippine Coast Guard (PCG) para sa WPS, na nagsanay kamakailan sa Washington, DC. Kahit nakapailalim sa kumand ng PCG, laging mayroong sariling "opinyon" si Tarriela sa mga usapin sa WPS. Kabi-kabila ang pamamahayag niya na paminsan ay taliwas pa sa pahayag ng tagapagsalita ng buong PCG at ng Philippine Navy. Pinaiinit ni Tarriela ang mga tensyon sa WPS at mulat na nagpapakalat ng disimpormasyon o patse-patseng katotohanan.

Aktibo ring tagapagpakalat ng saywar at linya ng US tungkol sa WPS ang mga lokal na maka-US na "think tank." Kabilang dito ang Stratbase ADR Institute, isang institusyong pinopondohan ng malaking negosyo at dayuhang gubyerno, at aktibong nakikipagtulungan sa embahada ng US at Australia. Tulad ni Powell, binibigyan din ng espasyo sa lokal na masmidya ang grupong International Development and Security Cooperation, at ilang mga piling akademikong maka-US.

Liban sa mga ito, aktibo rin mismo ang Armed Forces of the Philippines sa saywar para bigyang-matwid ang ginagawa nitong pagpapainit ng tensyon sa WPS. Inilunsad nito noong Hunyo 28 ang "kampanyang impormasyon" na Mulat.

**Ika-8 taon ng *arbitral ruling* hinggil sa WPS**

Sa ika-8 taong anibersaryo ng *arbitral ruling* hinggil sa WPS, naglunsad ng payapang *fluvial parade* o parada sa dagat ang mga mangingisda at kabataan sa Subic, Zambales noong Hulyo 12. Idiin ng pagkilos ang mapayapa at diploma-

*Sundan sa pahina 7*

*Mula sa pahina 6*

tikong solusyon para itulak ng mga patriyotikong Pilipino ang soberanong karapatan sa *exclusive economic zone* (EEZ).

Sa desisyon ng Permanent Court of Arbitration noong 2016, pinawalang-saysay nito ang pag-angkin ng China sa kabuuan ng South China Sea, kabilang ang malaking bahagi ng WPS, sa ilalim ng sinasabi nitong "9-dash line." Pinagtibay din ng korte ang soberanong karapatan ng Pilipinas sa 200 *nautical miles* (370 km) mula sa baybayin ng bansa na itinuturing na EEZ. Itinakda ito sa ilalim ng 1982 United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS).

Isinaad rin sa desisyon na ang Scarborough Shoal (Panatag Shoal) ay isang komun na pangisdaan na pinagsasaluhan ng tradisyunal o maliliit na mangingisdang Pilipino, Vietnamese at Chinese. Nangangahulugang hindi pwedeng pigilan ang mga mangingisdang Pilipino na pumasok at mangisda doon. Bagaman nasa loob ng 200 *nautical miles* ng Pilipinas, ang Scarborough Shoal, hindi ito saklaw ng EEZ ng Pilipinas.

Pinuna rin nila ang panggigipit ng China sa mga sasakyang pandagat ng Pilipinas na naglalayag sa EEZ. Idiniin nito ang pagsira ng China sa kalikasan ng ilang bahagi ng WPS dahil sa isinagawa nitong mga proyektong reklamasyon sa lugar para magtayo ng artipisyal na mga isla. AB

# Magkapatid, pinatay; tatlong iba pa, dinakip ng militar at pulis

Pinagbabaril hanggang mapatay ng lulong-sa-drogang mga sundalo ng 2nd IB ang magkapatid na Ronel, 22, at Robert Monsanto, 18, sa Sityo Laray, Barangay Aguho, Esperanza, Masbate noong Hulyo 8. Ang magkapatid ay nagpapastol ng kanilang alagang hayop nang madaanan at walang kaabug-abog na pagbabarilin ng nag-ooperasyong mga sundalo.

Dinala ng mga sundalo ang bangkay ng magkapatid sa Barangay San Roque at doon pinalabas na mga Pulang mandirigma na napaslang sa isang engkwentro. Ibinalandra ng mga ito ang mga bangkay at nilagyan ng mga armas at kagamitang pandigma.

**Pagdukot.** Dinukot ng mga pwersa ng estado at hindi pa rin inililitaw ang lider-magbubukid na si Melchor Luyao, kasapi ng Katipunan ng Samahang Magbubukid (Kasama)-Rizal, noong Hulyo 9 ng gabi sa Antipolo City. Kasalukuyang inaalam ng mga grupo sa karapatang-tao kung saan dinala si Luyao at anong yunit ng militar o pulis ang dumukot sa kanya.

**Pag-aresto.** Dalawang tagapagtaguyod ng karapatan ng mga magsasaka ang iligal na inaresto ng 4th IB at pulis sa isang barangay sa bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro noong Hulyo 13. Inilitaw sina Joy Laguardia at ang kanyang kasama dalawang araw matapos inaresto.

Matagal nang *social worker* si Joy at tumutulong sa mga magsasaka. Sa kabila ng paggigiit ng mga kaanak at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, hindi pa rin ipinakakausap ang mga inaresto sa kanilang pamilya at piniling abugado.

**Pagkakaso ng "terorismo."** Sinampahan ng kasong "terorismo" o paglabag sa Anti-Terrorism Act ang dalawang lider-unyonista mula sa National Capital Region na sina Rodrigo Esparago at Ed Cabuelo. Idinadawit sila sa isang engkwentro ng hukbong bayan at militar sa Barangay San Fernando Sur, Laur, Nueva Ecija noong Oktubre 8, 2023. AB

## Internasyunal na asembliyang anti-imperyalista, matagumpay na idinaos sa Malaysia

MATAGUMPAY NA IDINAOS ng International League of Peoples' Struggle (ILPS) ang ika-7 internasyunal na asembliya nito mula Hunyo 21 hanggang 24 sa Malaysia. Sa komunike na inilabas ng organisasyon noong Hulyo 11, iniulat nitong dinaluhan ang asembliya ng 535 na indibidwal mula sa 44 bansa. Ang 432 delegado ay mula sa 192 mga organisasyon na myembro ng ILPS habang 103 ay mga panauhin at obserber.

Pinakamalaki ang asembliyang ito sa kasasayan ng liga. Ayon sa komunike, salamin ito ng matitinding epekto ng mga imperyalistang krisis sa ekonomya, pulitika, militar at klima sa buong mundo at ng kapasyahan ng mamamayan na magkaisa at makibaka para sa isang mas maayos na daigdig.

Binuksan ang asembliya sa pamamagitan ng talumpati ni Leila Khaled, bantog na mandirigmang Palestinian mula sa Popular Front for the Liberation of Palestine, tungkol sa kahalagahan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Palestino laban sa US-Zionistang agresyon at okupasyon, at ang kahalagahan din ng internasyunal na pakikipagkaisa ng mamamayang lumalaban. Sinundan ito ng mga tagapagsalita sa mga paksa ng pambansang paglaya, sosyo-ekonomikong pag-unlad, demokrasya sa paglaban sa pasismo, at makatarungang kapayapaan sa pakikibaka laban sa mga gerang agresyon.

Nagkaroon ng mga palihan at palitan ng mga karanasan ang mga delegado na naging basehan ng paglalabas ng Pangkalahatang Deklarasyon ng asembliya. Naghalal din ng bagong mga upisyal ang liga. Muling nahalal bilang pinuno nito si Len Cooper mula sa Australia at pangkalahatang kalihim nito si Azra Sayeed mula sa Pakistan.

Pinarangalan sa asembliya si Kasamang Jose Maria Sison, na nagsilbi noong *chairman emeritus* ng liga. Ito ang unang internasyunal na asembliyang inilunsad mula nang pumanaw siya noong 2022.

# 100

**kaso ng paglabag sa kalayaan sa pamamahayag sa kampus ang naitala sa dalawang taon ng rehimeng Marcos.**

*Pinagkunan: College Editors Guild of the Philippines*

# 90

Palestino ang minasaker sa pambobomba ng US-Israel sa al-Mawasi, isang itinalagang **"safe zone"** para sa mga bakwit sa Gaza noong Hulyo 13. Limang bomba at limang misayl na gawang-US ang pinakawalan ng mga Zionista.

Espesyal na Ulat:

## DUGUANG "BAGONG PILIPINAS" NG REHIMENG US-MARCOS

Ulat sa Karapatang-tao
(Disyembre 1, 2023-Hunyo 30, 2024)



https://philippinerevolution.nu/20240715_abhr

# 88%

itinaas ng produktibidad ng mga manggagawang Pilipino mula 1989 kung kailan sinimulan ang panrehiyong pagtatakda ng mga sahod.

Sa parehong panahon, bumaba nang 22% ang tunay na halaga ng sahod.

# 1.1 milyon

ang abereyds na buwanang nawalang trabaho sa agrikultura mula Enero-Mayo 2024 dulot ng pagkaatrasado ng sektor at bulnerabilidad nito sa mga pagbabago ng panahon tulad ng El Niño at Bagyong Agaton

# 5.5%

implasyon para sa 30% pinakamahi-hirap na pamilyang Pilipino, mula 5.3% noong Mayo at 3.6% noong Enero.

Pinakamabilis ang pagsirit ng presyo ng pagkain para sa seksyon na ito ng lipunan, mula 3.3% noong Enero, tungong 6.1% noong Mayo at 6.5% sa Hunyo.

# 37%

lamang sa nakabubuhay na sahod na ₱1,210 noong Hunyo ang abereyds na sahod sa buong bansa na ₱442/araw.

*Pinagkunan: Ibon Foundation*

# ₱58+

na ang palitan ng piso sa dolyar ngayong Hulyo, mula ₱50=$1 noong Enero 2022.

# 74th IB: Berdugo ng Sityo Canonghan

Pinepeste ngayon ng mga sundalo ng 74th IB ang Sityo Canonghan, Barangay Osmeña, Palapag, Northen Samar. Simula Abril 2023, nang pasukin ng berdugong yunit ang sityo, patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao ang naitala sa lugar.

Noong Hunyo 2, pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng 74th IB ang 11 magsasaka, kabilang ang pitong menor-de-edad, habang nasa koprasan sa sityo. Matapos nito, inaresto sila ng mga sundalo at dinala sa hedkwarters.

Pinalalabas ng 74th IB na isang engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar ang nangyari sa araw na iyon. Tuso pang ipinahayag ng militar na "sinagip" nila ang mga menor-de-edad na pinalabas na mga "kuryer ng pagkain" ng hukbong bayan. Nakaranas ang mga bata ng tortyur mula sa mga sundalo.

Itinuturing sila ngayon bilang mga "hostage" o "pampain" para gipitin ang kanilang magulang na "sumurender" kahit mga sibilyang magsasaka lamang sila sa komunidad. Pinipilit din silang magsanay na maging mga espiya o aset ng mga pasistang sundalo. Lubhang paglabag ito sa internasyunal na makataong batas.

Liban dito, naitala rin ang pag-aresto sa limang indibidwal noong Pebrero at Mayo kabilang ang isang 4-anyos na bata. Nanganyon din ang mga berdugong sundalo malapit sa bukiring bahagi ng sityo noong Marso.


Naitala din sa Barangay Osmeña ang paulit-ulit na pagpapatawag ng mga sundalo sa mga pamilya ng magsasaka para magpa-"clear" ng pangalan sa kanila. Tahasang nagpataw rin ng "lockdown" ang 74th IB sa barangay.

Sapilitang pinaglilista sa "logbook" ang mga magsasaka sa araw-araw para bantayan ang kanilang pagkilos. Tinatakdaan pa ng militar kung anong oras lamang sila pwedeng magtrabaho sa sakahan. Pinagbawalan silang magdala ng bigas sa kanilang koprasan. Maging ang mga tindahan ay pinipilit na maglista ng binibiling pagkain o anumang materyal ng kanilang mga kababaryo.

Ang 74th IB ay pinamumunuan ni Lt. Col. Jose Roy Manuel Dizon. Ang yunit ay ipinakat sa Eastern Visayas noon lamang Pebrero 2023 bilang bahagi ng plano ng rehimeng Marcos na tuluyang gapiin ang BHB sa rehiyon. Kasama nila ang umaabot sa 22 batalayon ng militar sa ilalim ng 8th ID na nakatalaga sa rehiyon.

**Nagdudulot ng kagutuman**

Ibayong kagutuman at kahirapan ang idinudulot ng terorismo ng 74th IB sa sityo. Bago ang pagpakat ng 74th IB dito noong 2023 ay nagsimula pa lamang bumawi ang niyugan ng mga magsasaka dahil sa epekto ng Bagyong Tisoy ng 2019 at pesteng *cocolisap*.



Sa pag-aaral, bumagsak nang 70% ang ani ng mga residente sa sityo sa kanilang niyugan bunga ng epekto ng bagyo. Mula 330,100 niyog na nakukuha kada tatlong buwan, nasa 99,220 na lamang ito. Katumbas ito ng 76,960 kilo ng kopras na nawala na may halagang ₱1.5 milyon.

Pinakanasalanta ang mahihirap na magsasaka na bumubuo sa 67% ng mga pamilya sa sityo. Bumagsak nang 83% ang kanilang produksyon ng niyog. Dagdag pahirap sa kanila presensya ng 74th IB, at ang ipinatutupad nitong *lockdown*, paglimita sa kanilang oras sa koprasan at sakahan.


Maraming bunga ng niyog ang nasasayang dahil hindi agad nakokopras. May kaso din na nabunutan na ang niyog ngunit hindi na naluto at nabulok na lamang dahil sa operasyon at paghihipit ng militar. Limitado na rin ang pagtatanim ng mga palay, halamang-ugat at gulay sa mga sakahan at bukirin dahil sa paghihigpit ng mga sundalo.

Sa isang lima-kataong pamilya sa sityo, kailangan nila ng isa't kalahating sako ng bigas sa isang buwan para sa konsumo. Dahil walang mga halamang-ugat at tanim na palay, kinukuha nila ang panggastos sa kanilang pagkokopras.

Sa karanasan ng pamilya, 100 kilo ng kopra na lamang sa halagang ₱25.00 kada kilo (kabuuang ₱2,500) ang kanilang produksyon sa isang buwan. Kulang na kulang ito para sa pagkain pa lamang nila. Dahil dito, kailangan nilang maghanap ng ibang mapagkukunan ng pagkakakitaan, na sinasagkaan naman ng militar. AB

# Iskemang BRT sa Iloilo, huwad na modernisasyon para sa ganid-sa-tubo na kumprador at dayuhan

Inanunsyo noong nakaraang buwan ng lokal ng gubyerno ng Iloilo City na pinag-aaralan na nito ang sistemang *bus-rapid transit* (BRT) na inihapag ng First Balfour Inc. Bahagi ang iskemang ito ng huwad na Public Utility Vehicle Modernization Plan (PUVMP) na dahilan ng pagpapatalsik sa mga dyip sa lansangan at pag-agaw sa kabuhayan ng maliliit na drayber at opereytor. Planong itayo ang BRT sa mga daang pinaluwag ng *jeepney phaseout* at ang mga rutang pinanipis ng Local Public Transport Route Plan. Pagmamay-ari ang First Balfour ng pamilyang Ayala, isa sa pinakamalaking burges-kumprador sa bansa.




Binuo noong 2023 ang plano para sa iskemang BRT sa syudad ng mga "ekspertong" Swede, gamit ang $1 milyong "grant" mula sa Swedfund, institusyong pampinansya ng gubyerno ng Sweden. Bahagi ng paggawad ng "grant," na sa aktwal ay pautang sa lokal na pamahalaan, ang pagpasok ng mga konsultant at kumpanyang Swedish sa lokal na sektor ng transportasyon.

Ipinalulunok ng Swedfund at kasabwat nitong mga upisyal ng Iloilo ang iskemang BRT sa pagdadahilang kailangan ito ng syudad para sa "pangangalaga sa kalikasan at sistema sa transportasyong urban na mababang-karbon." Sa ilalim nito, papalitan ng mga *e-bus* ang mga "lumang dyip" para diuamno bawasan ang polusyon at *greenhouse gases* (GHG) ng syudad na nagpapalala sa pag-init ng planeta. Malaking kalokohan ito dahil ang mayor na nagbubuga ng GHG sa isla ay mismong mga plantang lumilikha ng kuryente. Nakaasa ang 91.9% na pangangailangan kuryente ng Panay sa mga plantang *coal-fired* (58.2%) at *diesel/bunker-fired* (33.7%). Kumpara sa mga ito, maliit na parte ang ibinubugang GHG ng mga regular na bus at dyip.

Tinatayang mangangailangan ang proyekto ng ₱2.4 bilyon para sa pagpapaluwag ng mga daan at paglalatag ng kinakailangang pasilidad tulad ng mga *waiting shed*, *traffic light* at iba pa na rekisito sa paggana ng sistemang BRT. Ikinakampanya ito ngayon ng lokal na gubyerno para ipailalim sa programang Public-Private Partnership para paglaanan ng pampublikong pondo ng pambansang gubyerno.

Panimulang sasaklawin ng First Balfour ang mayor na ruta ng Diversion Road at susing mga ruta sa distrito ng Jaro at Arevalo. Sa plano nito, bibili ng panimulang 48 na e-bus o mga debateryang bus mula sa BYD (Build Your Dreams), isang kumpanyang multinasyunal na nakabase sa China. Nagkakahalaga ang mga *e-bus* ng BYD ng $246,000 hanggang $605,000 kada isa o ₱14.27 milyon-₱35.09 milyon (58=₱1). Sa kasalukuyang limitadong serbisyo ng mga *e-bus* sa Metro Manila, nasa $1 (₱58) na ang batayang pamasahe. Tatlo hanggang apat na ulit itong mas mahal sa pamasahe sa regular na mga bus at 4-5 ulit na mas mahal kumpara sa mga tradisyunal na dyip.

Mayroong 2,500 tradisyunal na dyip sa syudad noong Disyembre 2023. Sa datos ng ahensya sa transportasyon ng syudad, 75% sa mga ito ay pumaloob sa konsolidasyon sa takot na mawalan ng kabuhayan pagsapit ng Mayo. Ang 625 na yunit na hindi nagpakonsolida ay tuluy-tuloy na binantaang patatalsikin sa daan. Malala pa, mula Hunyo, 40% na lamang sa mga dyip mula sa mga bayang nakapalibot sa syudad ang pinayagang pumasada sa loob nito, kahit pumaloob ang mga drayber sa pwersahang konsolidasyon. Nagresulta ito sa matinding pagbagsak ng kita ng mga drayber mula ₱800/kada araw tungong ₱300 at ng mga opereytor mula ₱3,500 tungong ₱1,500 kada araw.

**Lagakan ng dayuhang kapital**

Liban sa Iloilo BRT, 11 pang sistemang BRT ang nakapailalim sa programang pangtransportasyon ng rehimeng Marcos. Lahat ng mga ito ay tulak at pakana ng mga dayuhang institusyon sa pinansya.

Nasa antas-paghahanda, pagpaplano at pagpapaunlad ang mga sistemang BRT sa Bataan, Central Luzon, Manila Bay, EDSA (Metro Manila High-Quality Bus Corridor at EDSA Busway Improved Project), Skyway, Panglao-Tagbilaran sa Bohol, General Santos City at Cagayan de Oro. Aprubado na ang proyektong Davao BRT at sinimulan na ang konstruksyon ng BRT sa Cebu.

Ang mga BRT sa EDSA at Davao ay mga proyekto ng Asian Development Bank ng Japan. Isang bilyong dolyar o ₱58 bilyon ang pinautang nito para sa Davao BRT.

Samantala, ang Cebu BRT ay proyekto ng World Bank sa ilalim ng Clean Technology Finance nito at Agence Française de Développement ng gubyernong France. Isinagawa na ang "ground breaking" ng proyekto na dinaluhan mismo ni Ferdinand Marcos Jr noong Pebrero 27, 2023. AB